

2019-20 Form para sa Demograpikong Designasyon ng Lahi at Etnisidad

Pangalan ng Mag-aaral: _____ Gitnang Pangalan/Inisyal: _____ Apelyido: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____ Distrito: _____ Paaralan: _____

Inaatasan ang mga paaralang mag-ulat ng etnisidad at lahi sa estado at sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. Dahil sa mga pagbabago sa batas ng estado ng Minnesota kamakailan, pinaghihiwa-hiwalay ng Minnesota ang bawat kategorya sa mga detalyadong pangkat para mas maikatawan ang populasyon ng ating mga mag-aaral. Hindi inaatasan ang mga magulang o tagapag-alaga na sagutan ang mga tanong ng pederal (**na naka-bold**) para sa kanilang mga anak. Kung pipiliin mong hindi sagutan ang mga tanong ng pederal (**na naka-bold**), ang mga paaralan ang pipili para sa iyo alinsunod na rin sa iniaatas ng batas ng pederal. Ito ang huling opsyon—mas gusto namin kung ang mga magulang o tagapag-alaga mismo ang sasagot sa form. Ang mga tanong ng estado ay may label na “Opsyonal” at hindi pupunan ng mga paaralan ang impormasyong ito para sa iyo.

Ang impormasyong ito ay nakakatulong sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto para sa lahat, at nakakatulong sa amin sa tumpak na pagtukoy at pagtataguyod ng mga mag-aaral na hindi nakakatanggap ng sapat na mapagkukunan sa kasalukuyan. Itinuturing na pribadong impormasyon ang impormasyong kinokolekta ng form na ito. Maaari mong basahin ang abiso sa privacy para sa higit pang impormasyon tungkol sa layunin ng pangongolekta sa impormasyong ito, paggamit at hindi paggamit nito, at pagtukoy ng mga detalyadong pangkat. Makikita ang abiso sa privacy sa aming [Mga Madalas Itanong: Form para sa Designasyon ng Lahi at Etnisidad](#).

Isa bang Hispanic/Latino ang mag-aaral ayon sa pagpapakahulugan ng pederal na pamahalaan? Kasama sa pagpapakahulugan ng pederal ang mga taong may kultura o pinagmulang Cuban, Mexican, Puerto Rican, South o Central American, o iba pang Spanish na kultura o pinagmulan, anuman ang kanilang lahi.¹

[Dapat mong piliin ang “oo” o “hindi” sa tanong na ito.]

¹Federal Register, Vol. 72, No. 202/Friday, October 19, 2007/Notices/59274

Oo [Kung oo, pumunta sa Tanong A.]

Hindi [Kung hindi, pumunta sa Tanong 1.]

Opsyonal na Tanong A: Kung oo ang pinili sa itaas, piliin ang lahat ng naaangkop mula sa listahan sa ibaba (*hindi sasagutan ng mga tauhan ng paaralan ang tanong na ito*):

- | | | | |
|--|------------------------------------|---|--|
| <input type="radio"/> Tumangging tukuyin | <input type="radio"/> Guatemalan | <input type="radio"/> Salvadoran | <input type="radio"/> Iba pang Hispanic/Latino |
| <input type="radio"/> Colombian | <input type="radio"/> Mexican | <input type="radio"/> Spaniard/Spanish/
Spanish-American | <input type="radio"/> Hindi alam |
| <input type="radio"/> Ecuadorian | <input type="radio"/> Puerto Rican | | |

Pumunta sa Tanong 1.

[Piliin ang "oo" sa kahit isa lang sa Tanong (1-6) sa ibaba.]

Tanong 1. Kinikilala ba ng mag-aaral ang sarili niya bilang American Indian o Alaska Native ayon sa kahulugang binibigay ng estado ng Minnesota? Isinasama ng kahulugan ng estado Minnesota ang mga taong nagmula sa alinman sa mga orihinal na tao ng North America na nagpapanatili ng pangkulturang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagsapi sa tribu o pagkilala ng komunidad. (Kailangan ang tanong na ito para kalkulahin ang tulong/pagpopondo ng estado.)

Oo [Kung oo, pumunta sa Tanong 1a.]

Hindi [Kung hindi, pumunta sa Tanong 2.]

Opsyonal na Tanong 1a: Kung oo ang pinili sa itaas, piliin ang lahat ng naaangkop mula sa listahan sa ibaba (*hindi sasagutan ng mga tauhan ng paaralan ang tanong na ito*):

- | | | |
|---|--|---|
| <input type="checkbox"/> Tumangging tukuyin | <input type="checkbox"/> Cherokee | <input type="checkbox"/> Iba pang Pagsapi sa Tribung North American
Indian |
| <input type="checkbox"/> Anishinaabe/Ojibwe | <input type="checkbox"/> Dakota/Lakota | <input type="checkbox"/> Hindi alam |

Pumunta sa Tanong 2.

Tanong 2. Ang mag-aaral ba ay American Indian na mula sa South America o Central America?

Oo [Pumunta sa Tanong 3.]

Hindi [Pumunta sa Tanong 3.]

Tanong 3. Ang mag-aaral ba ay Asian ayon sa pagpapakahulugan ng pederal na pamahalaan? Kasama sa kahulugang pederal ang mga taong nagmula sa alinman sa mga orihinal na tao ng Far East, Southeast Asia, o ang Indian subcontinent kasama, halimbawa, ang Cambodia, China, India, Japan, Korea, Malaysia, Pakistan, ang Philippine Islands, Thailand, at Vietnam.¹

Oo [Kung oo, pumunta sa Tanong 3a.]

Hindi [Kung hindi, pumunta sa Tanong 4.]

Opsyonal na Tanong 3a. Kung oo ang pinili sa itaas, piliin ang lahat ng naaangkop mula sa listahan sa ibaba (*hindi sasagutan ng mga tauhan ng paaralan ang tanong na ito*):

- | | | | |
|---|-----------------------------------|-------------------------------------|---|
| <input type="checkbox"/> Tumangging tukuyin | <input type="checkbox"/> Chinese | <input type="checkbox"/> Karen | <input type="checkbox"/> Iba pang Asian |
| <input type="checkbox"/> Asian Indian | <input type="checkbox"/> Filipino | <input type="checkbox"/> Korean | <input type="checkbox"/> Hindi alam |
| <input type="checkbox"/> Burmese | <input type="checkbox"/> Hmong | <input type="checkbox"/> Vietnamese | |

Pumunta sa Tanong 4.

Tanong 4. Ang mag-aaral ba ay black o African American ayon sa pagpapakahulugan ng pederal na pamahalaan?

Kasama sa pederal na kahulugan ang mga taong nagmula sa alinman sa mga black na pangkat ng lahi ng Africa.¹

Oo [Kung oo, pumunta sa Tanong 4a.]

Hindi [Kung hindi, pumunta sa Tanong 5.]

Opsyonal na Tanong 4a. Kung oo ang pinili sa itaas, piliin ang lahat ng naaangkop mula sa listahan sa ibaba (*hindi sasagutan ng mga tauhan ng paaralan ang tanong na ito*):

Tumangging tukuyin

Ethiopian-Iba pa

Somali

African-American

Liberian

Iba pang black

Ethiopian-Oromo

Nigerian

Hindi alam

Pumunta sa Tanong 5.

Tanong 5. Ang mag-aaral ba ay Native Hawaiian o Ibang Pacific Islander ayon sa pagpapakahulugan ng pederal na pamahalaan? Kasama sa pederal na kahulugan ang mga taong nagmula sa alinman sa mga orihinal na tao ng Hawaii, Guam, Samoa, o ibang Pacific Island.¹

Oo [Pumunta sa Tanong 6.]

Hindi [Pumunta sa Tanong 6.]

Tanong 6. Ang mag-aaral ba ay white ayon sa pagpapakahulugan ng pederal na pamahalaan? Kasama sa pederal na kahulugan ang mga taong nagmula sa alinman sa mga orihinal na tao ng Europe, ang Middle East, o North Africa.¹

Oo

Hindi

Pangalan ng (Mga) Magulang/Tagapag-alaga _____ Petsa _____

Pangalan ng (Mga) Magulang/Tagapag-alaga _____

Ang layunin ng pagkolekta ng bawat pangkat, kung paano gagamitin ang impormasyon, at kung paano tinutukoy ang mga mas detalyadong pangkat ay mahanap sa kasamang Dokumentong FAQ.

¹Pederal na Registro, Vol. 72, Num. 202/Biyernes, Oktubre 19 2007/Mga Abiso/59274